

Lynnwood Link Connections

Buod ng Pakikipag-ugnayan sa Publiko sa Phase 2

Enero-Marso 2023



Pakikipag-ugnayan sa Phase 2 – Mga Konsepto ng Serbisyo

Isinagawa noong Enero-Marso 2023

Mga Layunin

Ang hangarin para sa pakikipag-ugnayan sa Phase 2 ay upang maipaalam sa pangkalahatang publiko—kasama na ang mga sumasakay sa mga apektadong komunidad—ang tungkol sa network ng Mga Konsepto ng Serbisyo, at upang mangolekta ng feedback tungkol sa kung paano tinutugunan ng mga konseptong ruta ang mga priyoridad na pangangailangan sa mobility. Ang plano sa network ng mga Konsepto ng Serbisyo ay naglalaman ng mga mungkahing ruta ng bus, na idinisenyo ng Metro at gamit ang mga priyoridad na pangangailangan sa mobility mula sa Phase 1, upang pinakamahusay na masuportahan ang mga opsyon sa mobility sa loob ng lugar ng proyekto. Sa pagtanggap ng partikular na feedback tungkol sa mga Konsepto ng Serbisyo sa Phase 2, malalaman pa ng Metro ang mga pangangailangan ng komunidad at kung paano mapahuhusay ng mga ito ang panghuling mungkahi ng mga ruta ng bus para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad sa Phase 3.

Itinuon din ang outreach, pakikipag-ugnayan, at pagsusuri ng feedback sa mga priyoridad na populasyon ng Metro¹, na mahalagang parte ng customer base ng ahensiya. Available ang materyales ng proyekto at ang 2 survey sa 11 wika.

Kasunod ng phase ng pakikipag-ugnayan sa publiko, tumulong ang Mobility Board (Lupon para sa Mobility) at Partner Review Board (Lupon para sa Pagsusuri ng mga Kaakibat) na bigyang-prioridad ang feedback ng komunidad at talakayin ang mahahalagang kapalit nito na gagamitin sa pagbuo ng Mungkahi para sa Serbisyo sa Phase 3. Ipinakikita sa chart sa ibaba ang mga ranking sa priyoridad ng Mobility Board.

Sinuri din ng kawanihan ng Metro ang feedback sa kalidad mula sa mga grupo sa komunidad, personal na outreach, mga komentong isinumite sa Metro sa labas ng survey, mga focus group, at sa iba pang pagpupulong. Kinategorya rin ang feedback na ito ayon sa katayuan ng priyoridad na populasyon, depende sa kaalaman tungkol dito.

Kasama sa mga priyoridad na populasyon ang mga miyembro ng komunidad na maaaring may kita ng sambahayan na \$35,000 pababa, may kapansanan, imigrante o refugee, eksklusibong gumagamit ng isang wika bukod sa English sa bahay o kabilang sa isang lahi at/o etnisidad bukod sa Non-Hispanic White.

Ang mga Nalaman Namin sa Pakikipag-ugnayan sa Phase 2

Sa Phase 2, nakatanggap ang Metro ng 3,182 kompletong sagot sa survey, at ng karagdagang 2,330 parsiyal na sagot. Bukod pa sa feedback sa survey, nakatanggap rin ang Metro ng feedback sa kalidad sa mga Konsepto ng Serbisyo sa Phase 2 sa:

- Outreach at feedback mula sa apat na pakikipagtulungan sa Organisasyon sa Komunidad.
- 15 pakikipagpulong sa mga pangunahing madla kasama na ang mga provider ng pabahay na may kwalipikadong kita, institusyong pang-edukasyon, grupo sa kapitbahayan, konseho ng lungsod, inihalal na tagapamuno at grupong tagapagpayo sa transit.
- Mahigit 115 oras ng personal na outreach sa komunidad at mga lokasyon ng transit.
- Tatlong online at virtual na open house.
- Mga nakasulat na komento sa email ng HaveASay ng Metro.

Kasama sa piling demograpikong impormasyon mula sa mga respondent ng survey ang sumusunod.

- 37% ang kabilang sa priyoridad na populasyon
- 22% ang kabilang sa namumuhay nang may kapansanan
- 21% ang kabilang sa walang access sa sasakyan
- Mga respondent ayon sa edad:
 - Mas bata sa 25 – 10%
 - 25-34 – 18%
 - 35-44 – 18%
 - 45-54 – 14%
 - 55-64 – 12%
 - 65+ – 11%
 - Blangko – 17%
- Ang karamihan ng mga respondent ay nakatira sa mga sumusunod na lungsod (simula sa may pinakamaraming respondent):
 1. Seattle
 2. Shoreline
 3. Lynnwood
 4. Bothell
 5. Lake Forest Park

Sa pagsusuri sa feedback na natanggap sa survey at sa feedback sa kalidad sa tulong ng pakikipag-ugnayang nakalista sa itaas, natukoy ng Metro ang walong pangunahing lugar na isasali sa network ng konsepto. Ang mga lugar para sa mas maliliit na posibleng pagbabago ay itinala rin upang matugunan ang feedback ng komunidad, lalo na ang mga may kaugnayan sa mga isyung inihain ng mga priyoridad na populasyon.

Ipinakikita sa chart sa ibaba ang walong pangunahing lugar na ito, pati na ang mga ranking sa priyoridad ng Mobility Board.


Kasama sa **Pangkalahatang Priyoridad sa Mitigasyon** ang tatlong salik sa pagpapasya para sa proyekto na pagkakapantay-pantay, pakikipag-ugnayan, at disenyo ng network ng transit. Itinatala sa **Antas ng mga Resource na Kailangang Tugunan** kung ilang oras ng serbisyo ng transit ang kailangang ilipat sa iba pang ruta upang matugunan ang bawat isyu.

Mga Pangunahing Lugar na May Isyu mula sa Pakikipag-ugnayan sa Phase 2

#	Lugar na May Isyu	Pangkalahatang Priyoridad sa Mitigasyon	Antas ng mga Resource na Kailangang Tugunan	Antas ng Priyoridad ng Mobility Board
1	Pag-alis sa serbisyo ng Lake City Way sa pagitan ng NE 75th at NE 92nd	Mataas	Katamtaman	Mataas
2	Pag-alis sa serbisyo ng Linden Ave sa 135th	Mataas	Katamtaman	Mataas
3	Pag-alis sa serbisyo ng Meridian Ave sa pagitan ng N 130th St at 200th St	Katamtaman	Mataas	Mababa
4	Pag-alis sa serbisyo ng Latona Ave sa pagitan ng Green Lake Way at NE 45th	Mababa	Katamtaman	Mababa
5	Pag-alis sa serbisyo ng 5th Ave NE sa pagitan ng NE 125th at NE Northgate Way	Mataas	Katamtaman	Katamtaman-Mataas
6	Hindi pagkakakonekta sa Northgate ng pagbabago sa Route 75	Mababa	Katamtaman	Mababa
7	Pagkawala ng mga direktang koneksiyon sa First Hill mula sa hilagang-kanlurang King County	Katamtaman	Mataas	Mababa-Katamtaman
8	Problema sa bagong koneksiyon ng Bothell sa UW	Katamtaman	Mataas	Mababa

Mapa ng mga Pangunahing Lugar na May Isyu mula sa Pakikipag-ugnayan sa Phase 2

Ang mga numero sa mapa ay tumutukoy sa mga numero ng chart sa itaas.



Abangan

Sa Phase 3, sa huling malakihang phase ng pakikipag-ugnayan sa publiko, nakaplano ang pakikipag-ugnayan para sa mga partikular na lugar at madla kung saan nagbago ang Mungkahi para sa Serbisyo mula sa Phase 2, pati na ang mga prioridad na lugar para sa pagkakapantay-pantay kung saan ang mga mungkahing pagbabago ay maaaring magserbisyo sa ibang mga koridor kaysa sa mga kasalukuyang ruta. Ang mga pangunahing madlang nakipag-ugnayan sa Phase 2, gaya ng mga Organisasyon sa Komunidad, provider ng pabahay, institusyong pang-edukasyon, at iba pang kinilalang prioridad na madla, ay isasali ulit sa Phase 3.

Sa tulong ng pangkalahatang pakikipag-ugnayan sa publiko, magkakaroon din ng mga pagkakataon ang mga sumasakay sa araw-araw at ang mga residente upang suriin ang mga mungkahi para sa ruta at magbigay ng feedback tungkol sa kung paano mapabubuti o mababago ng mungkahi para sa network ng transit ang mga pangkalahatang opsiyon sa mobility. Ang malaking bahagi ng pakikipag-ugnayang ito ay inaasahang isasagawa sa mga lokasyon ng transit, sentrong pangkomunidad, lokal na kaganapan, at sa iba't ibang paraan ng komunikasyon.

Kung nais mo ng iba pang impormasyon sa gusto mong wika, pumunta sa page ng proyekto ng Lynnwood Link Connections ([Lynnwood Link Connections - King County Metro Transit](#)) o makipag-ugnayan sa amin sa haveasay@kingcounty.gov

Póngase en contacto con nosotros

Por correo electrónico (en el idioma que prefiera) a: haveasay@kingcounty.gov

联系我们

以电子邮件（以您的首选语言）发送至：haveasay@kingcounty.gov

聯絡我們

通過電子郵件（以您的首選語言）發送至：haveasay@kingcounty.gov

እናን ያግኙን

በግልጽ ለሌሎች ቋንቋ ይህን አገልግሎት ተጠቅመው haveasay@kingcounty.gov ያግኙን

お問い合わせ先

電子メールの宛て先（ご希望の言語で）：haveasay@kingcounty.gov

연락처

이메일 (귀하께서 선호하시는 언어로 보내십시오): haveasay@kingcounty.gov

Свяжитесь с нами

Пишите нам (на удобном вам языке) на адрес электронной почты:

haveasay@kingcounty.gov

Nalasoo Xariir

limeel ahaan (luuqada aad doorbido): haveasay@kingcounty.gov

Makipag-ugnayan sa amin

Sa pamamagitan ng email (sa wikang gusto mo) sa: haveasay@kingcounty.gov

Liên hệ với chúng tôi

Qua email (bằng ngôn ngữ của quý vị) tại: haveasay@kingcounty.gov